

## ATTACHMENT 4 - binago noong 09/08/2012

### FAQ \_ HPV

#### **1. Ano ang Human Papilloma Virus (HPV)?**

Ang HPV (Human PapillomaVirus) ang sanhi ng kanser sa leeg ng bahay-bata (o kanser sa cervix), ang unang tumor na kinikilala ng Samahan ng Pandaigdigang Kalusugan na maaaring maging ganap na impeksyon.

Humigit kumulang sa 120 na iba't ibang uri ng virus na HPV batay sa komposisyong henetiko (henotipo) ang maaaring maka-impeksyon sa tao, kung saan ang tatlumpung porsyento nito ay maiuugnay sa mga sakit (patolohiya) sa bahagi ng puwit at ari, maging ang mga ito man ay benigno o malignante. Sa mga henotipong ito, ang tipong 16 ang siyang sanhi ng halos kalahati (50%) ng mga kaso ng kanser sa cervix, 20% mula sa tipong 18 habang 30% ang mula sa lahat ng mga natitira. Ang henotipong 6 at 11 ang sanhi ng 90% ng mga kulugo sa ari.

#### **2. Paano nagkakaroon ng ganitong impeksyon?**

Ang impeksyon mula sa HPV ang pinaka-karaniwan sa mga impeksyong nalilipat sa pamamagitan ng pakikipagtalik. Kung minsan, sapat na ang simpleng pagdikit ng mga ari (hindi kumpletong pakikipagtalik), para mailipat ang impeksyon. Ang mga taong maayos ang kalusugan na may dala ng virus ay napaka-karaniwan sa komunidad. Sa pangkalahatan, hindi nagpapakita ng mga nahahalatang ebidensya ng impeksyon ang lalaki o babaeng mayroon nito, kahit na sila ay maaaring makahawa nito. Ang condom, na dapat na parating gamitin para maiwasan ang mga nakakahawang sakit mula sa pakikipagtalik, ay hindi nagbibigay ng tiyak at kumpletong proteksyon laban sa HPV.

#### **3. Aling mga sintomas ang nagdudulot ng HPV?**

Ang impeksyon mula sa HPV ay hindi nagdudulot ng anumang partikular na sintomas. Ang malaking bahagi ng mga impeksyon ay gumagaling nang kusa nang walang anumang komplikasyon. Ang kaunting impeksyon ang siyang nagiging kroniko, at sa ganitong pagkakataon, sa loob ng kaunting taon, ang virus ay maaaring maging sanhi ng mga pinsalang nagdudulot ng kanser (kadalasan nangyayari bago magka-kanser). Sa katunayan, kung ang mga ito ay hindi matutukoy (sa pamamagitan ng Pap-test) at magagamot sa tamang paraan, maaaring maging ganap itong kanser sa cervix.

#### **4. Paano haharapin ang impeksyon mula sa HPV?**

Walang partikular na gamot para sa impeksyon. Upang maiwasan o matukoy nang tama sa oras ang mga pagbabago sa mga selyula ng cervix na maaaring mapinsala ng HPV, kinakailangang regular na isagawa ang Pap Test (Test ni Papanicolaou mula sa pangalan ng nakaimbento nito) Ito ay tumutukoy sa isang pagsusuri upang makita ang mga pagbabago sa mga selyula ng leeg ng bahay-bata. Sa ganitong paraan ay maaaring malaman nang mas maaga kung mayroong mga kahina-hinalang pagbabago sa mga selyula ng cervix. Malinaw na ang pagbabakuna ay hindi nakakagaling ngunit isang paraan upang makaiwas sa impeksyon.

#### **5. Gumagaling ba ang isang tao mula sa impeksyon?**

Sa oras na magkaroon ng impeksyon ang isang tao ng isa o mas maraming tipo ng papillomavirus, ang sistemang pananggalang ng katawan ang siyang nagpapagaling dito sa malaking bahagi ng mga kaso. Ang mga tipong 16 at 18 ang siyang sanhi ng pagiging kroniko ng mga impeksyon at ng pagiging kanser sa cervix matapos ang 10 taon.

#### **6. Maaari ba itong makuhang muli sa pangalawang pagkakataon?**

Oo, batay sa teoriya, posibleng magkaroon ng impeksyon mula sa parehas na tipo ng HPV sa pangalawang pagkakataon dahil sa oras ng impeksyong natural, napakalakas ng sistemang pananggalang ng katawan bagamat panandalian lamang: nakatuon sa bahaging may pinsala at hindi lumilipat sa dugo ang virus.

Tanging ang pagbabakuna lang ang nagbibigay sa sistemang pananggalang ng lakas na hindi bababa sa 10 beses higit sa natural: ito ay tumatagal nang mas matagal sa 8 taon.

### **7. Ano ang kinalaman ng HPV sa pagkakaroon ng mga tumor sa cervix?**

Ang patuloy na impeksyon mula sa HPV na maaaring magdulot ng tumor ay hindi maiiwasan at maaaring maging sanhi ng pagkakaroon ng kanser sa cervix. Sa ganitong mga kaso, ang virus ay pumapasok sa mga selyula ng dingding ng uterus at dahan-dahan nitong sinisira hanggang sa magkaroon ng mga abnormal na pagbabago na magdudulot ng kanser (tinatawag na CIN-2 at CIN-3: tumutukoy sa mga paninirang nasa gitna o mataas na antas). Ang nasabing prosesong ay nangyayari sa mahabang panahon o maraming taon, at ang mga pinsala ay maaaring magamot kung matutukoy nang mas maaga. Ang posibilidad na magkaroon ng impeksyong mula sa HPV at hindi gumaling nang kusa hanggang sa maging kroniko ay lumilitaw na nakadepende sa uri ng HPV, at pinakamataas sa tipo ng HPV 16. Ang HPV ay nakikita sa 99.7% ng mga kanser sa cervix, at ito ay isang indikasyon na kung walang impeksyong kroniko mula sa HPV, hindi rin magkakaroon ng tumor. Ang usok mula sa sigarilyo, matagal na paggamit ng mga gamot na iniinom para hindi mabuntis, bilang ng mga nakakatalik, kasalukuyang pagkakaroon ng impeksyon mula sa HPV at ang pagkakaroon ng maraming anak ang ilan sa mga salik na nagbibigay ng posibilidad na magkaroon ng tumor.

### **8. Pumipigil ba sa pagkakaroon ng impeksyon ang pagpapabakuna laban sa HPV 16 at 18?**

Pinapatunayan na ang pagpapabakuna ay may kakayahang pumigil sa pagkakaroon ng mga malalang impeksyon mula sa HPV dahil sa mga uri ng sangkap para sa virus na matatagpuan sa bakuna. Gayundin, pinipigil nito ang posibilidad na maging kroniko ang impeksyon at maging sugat na pinagmumulan ng kanser (nagkakaroon nito bago maging ganap at totoong kanser).

### **9. Sa paanong paraan kumikilos ang bakunang ito para maiwasan ang kanser sa leeg ng bahay-bata o cervix?**

Ang mga bakuna ngayon ay binubuo ng mga mala-virus na partikulo (tulad ng mga walang laman na balat ng virus), na walang anumang kakayahang manganak at magbigay ng impeksyon sa tao, ngunit nagpapakita ng panlabas na anyong hawig na hawig sa tunay na virus. Dahil dito, ang sistemang pananggalang (ng ating katawan) ay nahihikayat na gumawa ng mga pangontra laban sa mga protinang nasa virus at sa oras na maharap sa tunay na virus ang katawan, nahahadlangan ang mga ito na pumasok sa mga selyula sa dingding ng (panlabas na takip) ari. Mayroong dalawang magkaibang pormulasyon ng bakuna laban sa HPV: ang unang pormulasyon ay binubuo ng mga protina ng virus HPV 16 at HPV 18, habang ang isa pa, bukod sa mga mala-virus na partikulong HPV 16 at HPV 18, ay mayroon ding HPV 6 at HPV 11. Ang bakuna ay nagsisilbing pangontra laban sa pagkakaroon at hindi ito magiging mabisa kapag nakapasok na ang mga virus sa mga selyula sa dingding ng uterus. Kung kaya't ang pagpapabakuna ay pangunahing iminumungkahi para sa mga taong wala pang impeksyon. Dahil sa ang sistemang pananggalang ay pinakamataas sa mga mas nakababata na hindi pa nalalantad sa HPV, ang pangunahing pinatutungkulan ng programa sa Italya ay ang mga batang babae na may edad na 12 anyos.

### **10. Para kanino ang programang libreng pagpapabakuna?**

Sa Toscana, ang libreng pagpapabakuna, na ipinananawagan ng Azienda USL, ay para sa mga babaeng may edad mula labingdalawa (nakatapos na sa labing-isa). Ang karapatan sa libreng pagpapabakuna,

maging sa kaso ng huling pagpapatala, ay balido hanggang sa edad bago mag-labingwalo para sa unang bahagi ng siklo ng pagpapabakuna.

### **11. Lahat ba ng mga dalagang may karapatan sa libreng pagpapabakuna ay kokontakin ng Azienda USL?**

Ang Azienda USL kung saan residente ang isang babae ay magpapadala ng imbitasyon sa mga babaeng nasa ika-labingdalawang taon ng kanilang buhay (nakatuntong na sa labing-isa) sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat sa kanilang bahay. Ang imbitasyon ay ipapadala rin sa mga babaeng may edad na labing-anim na hindi sumagot sa naunang imbitasyon. Ang mga babaeng may edad na labingtatlo, labing-apat, labinglima, labingpito at labingwalo, na may karapatan pa rin sa libreng bakuna, ay maaaring makipag-ugnayan sa Azienda USL para makapagpa-iskedyul.

### **12. Bakit kailangang magpabakuna sa ika-labingdalawang taon? Hindi ba masyadong maaga?**

Batay sa mga datos, at ayon na rin sa mungkahi ng Samahan ng Pandaigdigang Kalusugan, pinakamahalagang layunin ang pagbabakuna sa mga babaeng patungo pa lamang sa pagdadalaga. Ang imbitasyon na aktibong ipinananawagan ay patungkol sa mga babaeng may edad na labingdalawa (nakatapos na sa labing-isa), dahil napakataas ng benepisyo nito sa ganitong antas ng edad.

Sa katunayan, ang pagbibigay ng bakuna bago pa man simulan ang pakikipagtalik ang nagbibigay ng pinakamataas na benepisyo dahil ito ay nagdudulot ng mabisang proteksyon bago pa mahawaan ng virus na HPV, na kadalasang nakukuha matapos simulan ang pakikipagtalik, at dahil sa ang sistemang pananggalang ng ating katawan sa ganitong antas ng edad ay pinakamataas batay sa obserbasyon kumpara sa mga babaeng nasa ibang antas ng edad.

Ang pag-aantay *'ng ilang taon pa'* dahil *'bata pa ang aking anak'* ay maaaring isang pagkakamali dahil lumilipas ang pagkakataon na makuha ang pinakamabisang epekto ng bakuna at ng tiyak na proteksyon bago pa man ang anumang posibilidad na mahawa.

### **13. Ligas ba ang bakuna?**

Ang parehas na bakunang ibinibigay ay ligas. Milyun-milyong tao na ang nabigyan ng mga bakunang ito sa buong mundo nang walang anumang naging malalang epekto sa kanilang mga katawan. Ilang mga bahagyang side effect ang maaaring maranasan ng ilang mga babaeng binakunahan: unang-una na dito ang sakit, pamamaga at pamumula ng brasong binakunahan, o di kaya'y sakit sa ulo at masamang pakiramdamdam, o kadalasan mababang lagnat. Ang lahat ng mga epektong ito ay mawawala nang kusa sa loob ng kaunting araw nang walang anumang dapat na ikabahala.

### **14 Mabisa ba ang bakuna?**

Batay sa mga klinikal na pag-aaral sa kaligtasan, lumalabas na kapag ang bakuna ay ibinigay habang ang isang babae ay hindi pa nahahawaan ng virus, gumagarantiya ito ng napakataas na proteksyon (90-100%) sa mga pinsalang maaaring humantong sa kanser sanhi ng HPV 16 at 18.

### **15. Ano ang mga kontraindikasyon sa pagbibigay nito?**

Hindi maaaring ibigay ang bakuna kapag may alerhiya sa unang dosis ng kaparehas na bakuna o sa isa sa mga sangkap nito. Gayundin, hindi dapat ibigay kapag may malalang sakit na may kasamang lagnat. Sa ganitong kaso, dapat na ipagpaliban ang pagbabakuna hanggang sa matapos nang gumaling.

### **16. Maaari bang magpabakuna ang mga babaeng buntis?**

Ang bakuna ay hindi dapat ibigay sa mga buntis. Hindi nagpapakita ang mga pag-aaral ng anumang partikular na problema sa nanay o sa sanggol kapag nabigyan ng bakuna ang nanay habang siya ay

buntis ngunit hindi pa sapat ang mga ebidensya ng pag-aaral na nagsasabing hindi mapanganib ang bakuna kung kaya't kinakailangan pa ang masusing pag-aaral.

### **17. Gaano katagal ang bisa ng bakuna?**

Hindi pa alam ang tiyak na panahong itinatagal ng bisa ng bakuna dahil na rin sa ang pagbabakuna ay malawakang ibinigay sa loob pa lamang ng nakaraang 5 taon. Gayunpaman, ang lahat ng mga pag-aaral na isinagawa sa mga babaeng matagal nang nabakunahan ay hindi nagpapakita sa ngayon ng anumang pagbaba sa antas ng kanilang proteksyon. Kung sa hinaharap ay makita na bumababa ang proteksyon matapos ang ilang taon, marahil ay maaaring magbigay ng booster para palakasin gaya ng dati ang proteksyon.

### **18. Maaari bang magpabakuna kapag lampas na sa labingwalong taong gulang?**

Oo, ang bakuna ay may epekto pa rin sa mga panlaban ng katawan ng mga babaeng mas may edad at maaari pa rin itong maging proteksyon laban sa HPV bagamat ang posibilidad na mahawa sa virus na nilalabanan ng bakuna ay mas tumataas kasabay ng pagtanda. Dahil dito, nababawasan ang bisa ng bakuna. Sa ngayon, ang pagpapabakuna ay posible hanggang sa edad na 45-49 batay sa pansariling pag-iingat.

### **19. Nakatakda rin ba ang pagbabakuna sa mga lalaki?**

Sa kasalukuyan, hindi nakatakda ang libreng bakuna para sa mga lalaki dahil ang mga tumor sa mga lalaki ay hindi kasing-mapanganib at kasing-kalat ng mga tumor sa mga cervix ng mga babae. Gayunpaman, ang bakuna ay mabisa rin para sa mga lalaki laban sa mga kulugo sa ari at mga pinsalang maaaring magdulot ng kanser (mga sugat na sa paglipas ng panahon ay nagiging tumor; kadalasan nangyayari bago magka-kanser) na may kinalaman sa ari ng lalaki (puwit, bayag, etc.) Sa ngayon, ang pagpapabakuna sa mga lalaki ay batay sa pansariling pag-iingat.

### **20. Gaano katagal ang pinakamahabang pagitan na pinapayagan sa pagpapabakuna laban sa HPV na maituturing na epektibo pa rin?**

Iminumungkahi na parating sundin ang mga indikasyon sa tamang paggamit ng bakuna laban sa HPV (3 dosis sa loob ng 6 na buwan: 0, 1-2 buwan, 6 buwan). Kung sakaling hindi ito masusunod, hindi kailanman maaaring simulang muli ang siklo ng pagpapabakuna.

### **21. Anu-ano ang mga benepisyong inaasahang sasaklawan ng pagpapabakuna?**

Kung ang pagbabasehan ay ang mga sakit na matagal bago makita at lumala, ang lahat ng mga benepisyo ng pagpapabakuna ay makikita kapag ang grupo ng mga nabakunahan ay nagkaroon ng minsanang pinsalang maaaring magdulot ng kanser (mga sugat na sa paglipas ng panahon ay nagiging tumor; kadalasan nangyayari bago magka-kanser) sanhi ng virus na HPV 16 at 18. Sa kabuuan ay mapapansin ang tunay na pagbaba ng posibilidad na magkaroon ng kanser sa cervix.

### **22. Paano isinasagawa ang pagpapabakuna?**

Ang bakuna ay itinuturok sa masel na deltoid (itaas na bahagi ng braso), isang dosis sa unang pagkakataon at dalawang dosis kalaunan, isa matapos ang 1-2 buwan at isa matapos ang 6 na buwan mula sa unang beses.

### **23. Saan ginagawa ang pagbabakuna?**

Maaaring magpabakuna nang libre sa mga sentro ng pagpapabakuna sa mga Azienda Sanitaria Locale (AUSL) ng Toscana.

### **24. Ang bakuna ba ay kapalit ng regular na pagpapasuri (kilala rin bilang Pap test)?**

Mahalagang tandaan na ang bakuna ay katulong na proteksyon at hindi nagsisilbing kapalit ng regular na pagpapasuri (Pap-Test) para sa mga tumor sa cervix (leeg ng bahay-bata), na sa kasalukuyan ay iminumungkahing ipagawa kada 3 taon ng mga babaeng may edad na nasa pagitan ng 25 at 64 anyos, dahil ang bakuna ay proteksyon laban sa mga pinsalang dulot ng dalawang uri ng virus na HPV (16 e 18), na siyang dahilan ng 70% ng mga kanser na kumakalat, habang ang Pap Test kada 3 taon ang siyang tumutukoy sa mga pinsalang maaaring magdulot ng kanser (mga sugat na sa paglipas ng panahon ay nagiging tumor; kadalasan nangyayari bago magka-kanser) na maiuugnay sa lahat ng tipo ng HPV kahit na iyong mga hindi kasama sa bakuna.

**25. Ano ang HPV test ? Kailangan bang ipagawa ito kasama ng Pap Test ?**

Ang HPV test ay isinasagawa upang matukoy ang mga tipo ng HPV na naka-impeksyon sa mga daanan patungo sa ari ng babae: kailangang isagawa ito upang malaman kung sa paanong paraan at kung kailan ito gagamutin. Sa hinaharap, papalitan ng HPV test ang Pap Test para sa mga babaeng mas nakakatanda.

**26. Ano ang sinasabi ng mga naunang datos batay sa pag-aaral sa pag-iwas sa mga pinsalang nagdudulot ng kanser?**

Sa ngayon ay mayroon na tayong mga datos sa loob ng 8 taon mula nang magsimula ang pagbabakuna. Napakaganda ng mga resultang nakuha at higit pa ang mga ito sa inaasahan: matapos ang 8 taon, mahigit sa 99 porsyento ng mga nabakunahan ang hindi kinakitaan ng mga pinsalang nagdudulot ng kanser (mga sugat na sa paglipas ng panahon ay nagiging tumor; kadalasan nangyayari bago magka-kanser) na may kinalaman sa dalawang tipo na nasa bakuna. Ang mga pag-aaral batay sa pamilya at ekonomiya ay nagpapakita ng bentahe sa gastos at mga benepisyo (umaayon sa positibong pagsusuri sa aspeto ng gastos at benepisyo).

**27. Kanino dapat sumangguni para sa karagdagang impormasyon?**

Napakahalagang makipag-usap sa doktor o pedyatrisyan ng pamilya at makipag-ugnayan sa mga manggagawa sa mga sentro ng pagbabakuna, mga consultorio at sentro ng sentrong pangkalusugan ng Azienda Sanitaria locale (USL) kung saan kayo nakatira.